

## Iligal na Pangongopya

### Palaging itanong sa guro:

- Kung ano ang kahulugan ng iligal na pangongopya (plagiarism) sa inyong paaralan..
- Paano kilalanin ang iba't-ibang pinagmulan ng impormasyon..
- Kung kailangang ibigay ang iyong mga sinulat kasama ng panghuling proyekto.

**“Sa aking bansa, maaring kopyahin ang nakasulat na gawain ng ibang tao. Bakit kakaiba dito?”**

Ang kahulugan ng iligal na pangongopya (plagiarism) ay iba-iba sa bawat bansa. Sa ibang bansa, ang pagkopya ng isang talata na ginawa ng iba ay hindi masama. Sa ibang mga kaso, ang hindi pag-banggit sa pinagmulan ng impormasyon ay pangkaraniwan dahil ito ay tinuturing na pang-kalahatang kaalaman at magiging insulto dahil ang pag-akala hindi alam ng guro ang impormasyong ito.

**“Bakit ginagawa ng ibang mag-aaral ang iligal na pangongopya kahit alam nila na ito ay isang uri ng pandaraya?”**

- Nahihirapan ang mga mag-aaral na makakuha ng magandang marka at inaakala nila na ang gawain ng iba ay mas mahusay keysa sa kanila.
- Iniisip ng mga mag-aaral na nahihirapan sa Ingles na wala silang kakayahang sumulat ng maayos.
- Nakakahanap ang mag-aaral ng maykatha na sang-ayon sa kanila at naisipang mas madali ang kumopya.

***Laging alalahanin na alam ng guro kung ang ginagamit mong kasulatan ay hindi sa iyo. Ang bokabularyo at paggawa ng pangungusap na ginagamit ng mga propesyonal ay ibang-iba sa ginagamit ng mag-aaral. Mas gugustuhin ng inyong guro na ibigay ang sarili mong gawa kahit na may mali, keysa sa gawain na iyong kinopya.***

**“Plagiarism”**

VSB

**“Iligal na Pangongopya”**

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.

Canada



WelcomeBC

Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

## Iligal na Pangongopya (Plagiarism)



***Mga Kasagutan sa Pang-Karaniwang mga Tanong***

## Iligal na Pangongopya

### Ano ang iligal na pangongopya (plagiarism)?

Sa Canada, ang kahulugan ng iligal na pangongopya ay kung ang isang mag-aaral ay kumukuha ng kredito sa gawa o salita ng ibang tao. Ito ay pangongopya sa gawain ng iba, at pinapalabas na ang mga ideya ay sariling gawa.

Halimbawa:

- Ang isang buong sanaysay o ulat ay kinopya ng buong-buo.
- Iniiba ang mga pangungusap at binabago ang orihinal na pinagmulan ng impormasyon.

Ang paggamit ng ideya ng iba, istatistika, guhit, o impormasyon ay mainam kung ang kredito ay ibinibigay sa maykatha o pinagmulan.



### Ano ang mga karaniwang pamamaraan ng iligal na pangongopya ng mga mag-aaral?

Sa paggamit ng Internet, maraming mag-aaral ang mabilis na nakakahanap ng materyales para sa pananaliksik na maari nilang kopyahin at idikit sa sarili nilang pagsusulat. Ang hindi pagsabi ng pinagmulan ng material ay iligal na pangongopya at tinuturing na pangdaraya.

Halimbawa:

- kapag ang mag-aaral ay gumagamit ng bahagi ng pangungusap, buong pangungusap o talata na galing sa iba't-ibang pinagmulan at pinalabas na sarili niyang gawa.
- kapag iniiba ng mag-aaral ang pagkasulat ng gawa ng iba at magkunyaring gawa niya ito. Ang pagbabago ng pagkasunod-sunod ng mga salita ay hindi nangangahulugan na gawa mo ito.
- kapag ginagamit ng mga mag-aaral ang ideya at opinyon ng ibang tao at hindi binibigyan ng kredito.

### Kailan okay na hindi magbigay ng kredito sa isang ideya?

Mahirap na tanong ito. Kapag ang ideya ay tinuturing na pangkaraniwan o pangkalahatan, puwede ito huwag bigyan ng kredito..

Mga Halimbawa:

- Ang buwan ay isang satelayt ng mundo.
- Ang Vancouver ay nasa hanay ng lindol.

### Ano ang nangyayari sa mag-aaral na nahuhuling gumagawa ng iligal na pangongopya?

Tatanggap sila ng “zero” na marka sa assignment, o hihilingin na mag-withdraw sa kurso.

### Paano maiiwasan ng mag-aaral ang iligal na pangongopya?

1. Isulat ang mga “notes” habang ginagawa ang pananaliksik. Gumawa ng lista ng mga pangunahing ideya at sumusuporta sa detalye. Gamitin ang mga tala para isulat ang iyong gawain. Gumamit ng direktang quotes para suportahan ang iyong mga ideya sa halip na gawing yun lamang ang basehan ng iyong pagsulat.
2. Magtago ng rekord ng lahat ng libro, mga pahina, at maykatha na iyong ginamit. Kabilang dito ang impormasyon na galing sa libro, artikulo, internet, diagrams, charts, at iba pa. Mas mabuting sumulat ng mas higit pa sa iyong kailangan.
3. Magtanong sa guro kung papano kilalanin ang mga pinagmulan ng iyong impormasyon. Kadalasan ito ay ang paggamit ng **footnotes** at **bibliography**.

Footnotes- paraan ng pagkilala ng direktang “quotes” galing sa gawa ng iba.

Bibliography- alpabetikong listahan ng libro, artikulo, magazines, websites, at iba pa, na iyong ginagamit sa pagkolekta ng impormasyon.